



Paglilinis ng Portable Sanitary Toilet

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga kanal. *Ang mga tip na ito sa mga negosyong naglilinis ng portable sanitary toilet ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.*

- ☐ Ilagay ang mga portable sanitary toilet nang malayo sa mga kanal o anyong tubig.
- ☐ Magpaskil ng mga karatula para mahikayat ang pagbibigay-alam kapag kailangan ang paglilinis o pag-aayos.
- ☐ Panatilihin ang mga hose, coupling, tangke, atbp., sa maayos na kondisyon para maiwasan ang mga tagas o tapon.
- ☐ Alisin ang lahat ng mga papel na basura na nasa labas ng toilet bago maglinis.
- ☐ Pansamantalang takpan ang mga kalapit na inlet ng kanal para maiwasan ang pagpasok ng tubig na pinanghugas sa kanal. Kung hindi ito posible, protektahan ang mga inlet o anyong tubig.
- ☐ Ang mga lugar na pinaglilinis sa pasilidad ng serbisyo ay dapat na may perimeter control o seguridad sa paligid at nakakonekta nang maayos sa grated floor drain. Kailangan ding makatulo ang mga lugar na ito maging sa imburnal na pangsantaryo (sanitary sewer) o sa tangke na lalagyan. Kumuha ng lahat ng mga kinakailangang pahintulot mula sa ahensya ng imburnal bago ilabas sa sanitary sewer.
- ☐ Panatilihin malinis at nasa maayos na kondisyon ang mga surface ng mga lugar na pinaglilinis.

! Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng kanal o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. *Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.*

maaari nating
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa paggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa **(888) 846-0800** o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.